Walang nakalulutas sa panggagaway maliban sa isang manggagaway.

Isinaysay buhat kay Al-Ḥasan na siya ay nagsabi: "Walang nakalulutas sa panggagaway maliban sa isang manggagaway."
[Maganda] [Isinalaysay ni Ibnu Abī Shaybah - Isinaysay ito ni Al-Khattabiy]

Ang panalangin ay kalutasan sa panggagaway. Ang hayagang kahulugan ng salita ni Al-Ḥasan ay ang pagbabawal niyon nang lubusan dahil walang nakakakaya sa paglutas sa panggagaway maliban sa sinumang may kaalaman sa panggagaway. Ito ay maipakakahulugang ang paglutas sa panggagaway ay sa pamamagitan ng isang panggagaway tulad niyon. Ito ay kabilang sa gawain ng demonyo. Dinetalye ni Ibnu Al-Qayyim ang buod nito na ang paglulunas sa ginaway ay sa pamamagitan ng mga gamot na ipinahihintulot., ang pagbigkas ng Qur'ān ay bagay na ipinahihintulot, at ang paglulunas nito sa pamamagitan ng isang panggagaway tulad niyon ay ipinagbabawal.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3408